


Sining

Kwarter 1 – Modyul 3: Kagawian ng iba't ibang Pamayanang Kultural



**Sining – Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Kwartar 1 – Modyul 3: Kagawian ng iba’t ibang pamayanang kultural
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Francis C. Agapito

Editor: Francis Durante

Tagasuri: Cynthia T. Montañez

Tagaguhit: Emma S. Malapo

Tagalapat: Francis C. Agapito

Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad

Francisco B. Bulalacao, Jr.

Grace U. Rabelas

Ma. Leilani R. Lorico

Jerson V. Toralde

Belen B. Pili

Cynthia T. Montañez

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telefax: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Sining

**Kwarter 1 – Modyul 3:
Kagawian ng iba't ibang
Pamayanang Kultural**

Paunang Salita

Ang Self-learning Module o SLM ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral so kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral mna may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahn ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Isang maganda at makabuluhang araw sa iyo kaibigan!

Alam mo bang ang lahat ng kagawain ay may pinamulan at dahilan. Ito nagiging bahagi na ng kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Sa modyul na ito ay mailalarawan at maisasadula ang mga konsepto ukol sa mga kagawian ng iba't-ibang kulturang etniko.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay mag-aaral ay inaasahang maisasadula ang mg ideya ng kagawian ng iba't-ibang kulturang etniko.



Subukin

Tingnang mabuti ang mga larawan.

Tukuyin kung anong pangkat etniko ang inilalarawan ng mga kagawian.
Isulat ang inyong sagot sa patlang sa baba ng larawan.



Magaling! Ikaw ay aking binabati sapagkat ikaw ay handa na sa susunod na aralin. Simulan na natin.

Aralin

1

Kagawian ng iba't ibang Pamayanang Kultural



Balikan

Gumuhit ng isang pangkat etniko na nakasout sa kanilang kasuotang pansaka. Tukuyin at ilarawan ang iyong ginuhit



Tuklasin


Pagmasdang mabuti ang larawan. Pansinin ang kasuotang suot-suot niya. Sagutin ang mga sumusunod tanong at isulat ang iyong sagot papel.



1. *Ano ang ginagawa ng batang babae?*
2. *Bakit kaya makulay ang kanyang damit?*
3. *Napapasin mo ba ang mga disenyo sa kanyang damit? Ano ang mga ito?*
4. *Ano-ano kaya ang dahilan kung bakit ganyan ang suot-suot niya habang nagtatanim?*



Suriin




Ang mga sinaunang kagamitan at kasuotan ng mga pangkat-etniko ay bahagi ng pang-araw araw na buhay sa kanilang pamayanang kultural. Ang mga pamayanang kultural sa ating bansa ay may kakaibang kaugalian na kanilang nakagisnan. Halimbawa ay kapag may namatay na mahal sa buhay, sila ay nag-aalay ng mga pagkain upang hilingin sa diyos ng kamatayan na samahan ang kaluluwa sa pagtawid sa kabilang buhay. Inilalagak ang labi nito sa Manunggul Jar na kakikitaan ng masining at kakaibang disenyo. Naniniwala sila na ang mga nakikita sa kapaligiran tulad ng bundok, mga halaman, mga hayop, at anumang makikita sa kalikasan ay mga sagrado at may espirito kaya madalas ang kanilang pag-aayuno at pag-aalay upang sila ay mapangalagaan laban sa anumang masasamang espirito.

Ang kanilang paniniwala ay makikita sa mga masisining na dibuho sa kanilang kasuotan, palamuti sa katawan, at mga kagamitan. Ang pamayanang kultural na ito ay yaman ng ating bansa.

Pansinin ang larawan sa ibaba. Ang kanilang kasuotan ay kakikitaan ng mga disenyong etniko na nagtataglay ng mga maninipis at makakapal na linya, mga mapupusyaw na kulay at mga dibuhong kanilang pinagyaman.

Source: Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p.214





Pagyamanin



Pinoy Bookmark

Kagamitan: lapis, krayola, gunting, *ruler*, at lumang karton o *cardboard*

Hakbang Sa Paggawa

1. Ihanda ang mga gamit na kailangan
2. Gupitin ang lumang karton o *cardboard* sa sukat na 1 ½ pulgada ang lapad at 5 pulgada ang haba.
3. Pumili ng isang disenyong etniko na nais iguhit sa *bookmark*.
4. Iguhit ito sa inihandang *cardboard* na gagawing *bookmark*.
5. Kulayan ang iyong iginuhit.
6. Sikaping naiiba ang iyong likhang-sining.

Source: Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p. 167

Panuto: Lagyan ng tsek (☺) ang angkop na kahon. Gawin ito sa sagutang papel.

SUKATAN	Lubos na nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang sining (3)	Nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang sining (2)	Hindi nasusunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang sining (1)
1. Nakabuo ako ng <i>bookmark</i> gamit ang iba't- ibang disenyong etniko.			
2. Nakabuo ako ng naiibang disenyo nang hindi kumopya sa gawa ng iba			
3. Nagagamit ko ang mga linya at kulay sa disenyong nabuo			
4. Naipakita ko ang pagpapahalaga sa mga disenyong etniko sa aking nabuong <i>bookmark</i> .			

Source: Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p. 168



Isaisip

Sagutin ang mga sumosunod na tanong. Isulat ang inyong sagot sa papel

1. Ano-ano ang mga nakagisnang kaugalian ng ating pamayanang kultural?
2. Nakikita pa rin ba ang mga kaugaliang ito sa kasalukuyang panahon sa inyong lugar?
3. Ano ano ang mga kaalaman tungkol sa mga kagawian ng iba't ibang pamayanang kultural? Paano mo magagamit ang mga ito sa ating pang-araw araw na gawain?

May iba't ibang nakagisnang kaugalian ang ating pamayanang kultural na makikita pa rin sa kasalukuyang panahon. Ito ay dapat ingatan at magamit sa mga likhang sining.

Source: Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p. 215



Isagawa

Gumawa ng isang *usapan* o *dula-dulaan* na tumatalakay at nagpapakita ng mga kaugalian o kagawian ng isang pamayanang kultural. Italhal ito at kuhanan ng larawan ang pagtatanghal.



Tayahin

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang angkop sagot sa tanong

Sukutan	Masiyahan	Hindi Nasiyahan
1. Nagpapakita ba ng kagawian ang iyong pagtatanghal?		
2. Nasunod mo ba ang tamang paraan ng iyong itinanghal na kagawian?		
3. Nagawa mo ba nang mabuti ang iyong pagtatanghal?		
4. Nabigyan mo ba ng kahalagahan ang mga kagawian?		



Karagdagang Gawain

Gumawa ka ng koleksyon ng mga larawan na nagpapakita ng iba't-ibang kagawin ng pamayanan ng kultural etniko at ng kasalukuyang panahon. Ilagay ang mga ito sa isang album.



Susi sa Pagwawasto

- *Iba't ibang kasagutang depende sa opinion o kaisipan ng bata*

Sanggunian

Kagawaran ng Edukasyon, Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro, Media Press Inc., 2015

Kagawaran ng Edukasyon Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral., Media Press Inc., 2015

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph